All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2020.

# Ang Batang ayaw magsepilyo

Baitang 3




Kwento ni : **Karen May M. Costales**
Guhit ni : **Jay Lord B. Gallarde**
Pinahusay ni : **Erwin Bryan M. Garcia**
Pag-aanyo ni : **Jenelyn B. Bolante**
Patnugot ni : **Cheryl R. Ramiro**

**Schools Division of Santiago City, Region 02**

All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means -
electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2020.

# Ang Batang ayaw magsepilyo



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2020.



**Treasury of Storybooks**

This storybook is a product of the National Competition on Storybook Writing 2017 of the Department of Education.

Pursuant to the Intellectual Property Code of the Philippines, no copyright shall subsist in this work of Government of the Philippines. However, prior approval of the Department of Education shall be necessary for exploitation of such work for profit. DepEd may, among other things, impose as a condition the payment of royalties. No prior approval or conditions shall be required for the use for any purpose of statues, rules and regulations, and speeches, lectures, sermons, addresses, and dissertations, pronounced, read or rendered in courts of justice, before administrative agencies, in deliberative assemblies and in meetings of public character.

This storybook is a product of the National Competition on Storybook Writing 2017 of the Department of Education.

Costales, Karen May M. *Ang Batang Ayaw Magsepilyo*. DepEd-BLR, 2018.

Development Team

Writer: Karen May M. Costales

Illustrators: Jaylord B. Gallarde, Erwin Bryan M. Garcia

Editor : Cheryl R. Ramiro,Ph.D

Layout Artist: Edna S. Ong

Book Designer : Jenelyn B. Bolante

Learning Resource Managers: Cheryl R. Ramiro,Ph.D. (Division)
Octavio L. Cabasag, Ph.D (CLMD Chief Region)

Schools Division of Santiago City
Region 02

All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2020.

# Pag-uugnay sa Kurikulum ng Ikatlong Baitang
# Ang kuwentong ito ay nakapaluob sa kurikulum ng Ikatlong Baitang

**Nilalaman** (Content):
Pangangalaga sa sarili

**Pamantayan sa Pagganap:**
- Naisasabuhay ang iba't ibang patunay ng pangangalaga at pag-iingat sa sarili.

**Pamantayang Pagkatuto** (Learning Competencies)
- Nakagagawa ng mga wastong kilos at gawi sa pangangalaga sa ng sariling kalusugan at kaligtasan. (EsP3PKP-Ie-18)
- Nakahihikayat ng kapwa sa gawang dapat para sa sariling kalusugan at kaligtasan. (Esp3PKP-If-19)
- Napatutunayan ang ibinubunga ng pangangalaga sa sariling kalusugan at kaligtasan. (EsP3PKP-Ig-20)

**Kaugnayan sa Kuwento**
Sa kuwento ipinakikita ang kalahalagah ng pag-iwas sa mga pagkaing nakasisira ng ngipin.

**Aral na Makukuha**
Sa pamamagitan ng kuwento nauunawaan ng mga kabataan ang kahalagahan ng pagkonsulta sa dentista at pagiging malinis sa ngipin upang hindi ito mabulok.

## Health 3

**Nilalaman** (Content):
Proper Hygiene
Regular health and dental check- up.

**Pamantayan sa Pagganap:**
- Consistently practices healthy habits to prevent and control diseases.

**Pamantayang Pagkatuto** (Learning Competencies)
- Explains the importance of proper hygiene and building up one's body resistance in the prevention of diseases. (H3DD-IIh-7)

**Kaugnayan sa Kuwento**
It shows the important role of the dentists of our community

**Aral na Makukuha**
Through the story, it helps us realize the importance of regular health and dental check-up.

All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2020.

## Liham para sa Mag-aaral

Mahal kong Mag aaral,

Nagagalak ako sa hangarin mong palawakin ang iyong kaalaman.

Narito ang kuwento ng nagpapaalala ng kahalagahan ng kalinisan at ng pagiging bata na masunurin sa tagubilin ng kanyang magulang tungkol sa kalinisan. Hangarin ng kuwentong ito na matutuhan mong iwasan ang mga pagkaing nakasisira ng ngipin, at maalis ang takot mo sa dentista na tumutulong sa pangangalaga ng ating ngipin.

Hinahangad kong maging mahalaga sa iyo ang kuwentong ito at magsilbing tulong sa iyong pag-aaral.

Basahin at pag-aralan ang mga detalye sa kuwento na magsisilbing tulong sa iyong pag-aaral.

MALIGAYANG PAGBABASA!

**Karen May M. Costales**
May Akda

All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2020.

Sa isang nayon, nakatira ang pamilya Sepilya. Sila ay may-ari ng isang maliit na tindahan ng prutas.



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2020.

Lahat sila ay nagtutulong-tulong. Ang mag-asawang Sepilya ay abala sa kanilang tindahan samantalang ang panganay na lalaki at ang susunod na babae ang nag-tatrabaho sa tahanan.



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2020.



Namumukod-tangi naman sa katamaran ang bunsong anak na si Joongki. Susunod lamang ito sa utos kung bibigyan ng tsokolate at kendi. Lagi siyang humihingi ng kapalit.

All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2020.

Malinis sa katawan ang pamilya Sepilya. Palagi silang naliligo at nagsesepilyo upang pangalagaan ang kanilang ngipin.
Ngunit sumusunod rin kaya si Joongki?



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2020.

Si Joongki ay siyam na taon, maputi at mabilog ang mga mata. Guwapo raw ito kaya nga lang sungki ang mga ngipin.



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2020.

"Lagi na lang prutas!" Ito ang reklamo ni Joongki sa tuwing iyon ang kanilang meryenda.



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2020.

Gusto niya ang matamis na kendi at tsokolate.



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2020.

Dahil matigas ang ulo ni Joongki hindi malaman ng kanyang pamilya kung paano siya pagsasabihan.



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2020.

"Joongki, buhatin mo ang mga basket ng pinya sa labas!" ang utos sa kanya ng kanyang kuya.



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2020.

"Mag-igib ka na ng tubig, Joongki!" si Nanay naman ang nag-utos sa kanya.



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2020.

"Ihatid mo ang biniling mansanas ni Aling Juanita!"



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2020.

Upang matiyak na susunod si Joongki sa mga iniutos sa kanya, aabutan siya ng pamilya ng tsokolate at kendi.



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2020.



Isang araw, sabay-sabay na kumakain ang pamilya Sepilya. "Itigil mo muna iyang pagkain ng tsokolate. Lalamig na ang ulam at kanin,", paalala ng nanay ni Joongki.

All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2020.

“Sa darating na Sabado, pupunta tayong lahat sa klinika. May libreng konsulta sa ngipin,” sabi naman ni Ginoong Sepilya.



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2020.

"Sumama ka sa Sabado at patingnan natin iyan sa dentista,"sabi ng Tatay.

Sa totoo lamang, takot si Joongki sa dentista. Kaya buo na ang kanyang loob na hindi sumama sa Sabado.



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2020.

"Malabo na ang aking mata ngunit kitang-kita ko pa rin na nabubulok na ang iyong mga ngipin dahil sa pagkain mo ng kendi."



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2020.

"Ayaw ko po. Walang klase sa Sabado kaya maglalaro kami ng mga kaibigan ko," pagtutol ni Joongki.



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2020.

Pagkatapos nilang kumain, hindi man lamang nag-abala si Joongki na magsepilyo. Natulog siya kaagad. Hindi rin mahalaga ang paglilinis ng katawan sa kaniya sa kabila ng paalala ng kanyang mga magulang. Ang tanging importante ay ang kaniyang tsokolate at kendi.



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2020.

Kinabukasan, ginising siya ng kanyang ina. “Naku bata ka! Ang daming balat ng kendi at tsokolate sa kuwarto mo! Magmula ngayon hindi ka na makatitikim ng tsokolate at kendi!”galit na sambit ni Gng. Sepilya.



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2020.

“Ito namang si Nanay ang galing magbiro, Hahahaha!”, napapatawang sabi ni Joongki. Akala niya ay nagbibiro lamang ang ina dahil lagi naman siyang pinagbibigyan nito ng kumain ng tsokolate at kendi.



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2020.

Sa pagtawa ni Joongki, nalanghap ng kanyang ina ang masangsang na amoy. “Ang baho ng hininga mo! “Hala sige magsepilyo ka roon!” sabi ni Nanay.



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2020.

"Magtipid ka ng tubig. Huwag mong hayaang masayang ito kaya gumamit ka ng baso," saad ni Gng. Sepilya. Pinaalalahanan din siya nitong magsepilyo lagi at huwag nang kumain ng mga minatamis.



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2020.

Napapayag ng pamilya si Joongki na magpunta sa dentista dahil sumakit ang ngipin nito.

"Naku! Bulok na ang iyong mga ngipin. Sungki-sungki na rin ito dahil kung saan-saan na tumubo" sabi ng dentista.



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2020.

“Ugaliin mo ring magsepilyo at huwag dalasan ang pagkain ng kendi at tsokolate dahil sasakit lalo ang ngipin mo,” pangaral pa ng dentista kay Joongki pagkatapos siyang mabunutan ng ngipin at bago sila umuwi.



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2020.

Pag-uwi sa bahay, kinuhang lahat ni Joongki ang kanyang mga tsokolate at kendi. Ibinigay niya ito sa kanyang ate at ipinangakong hindi na siya kakain nito.



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2020.

Pagkatapos kumain, nagsesepilyo na rin si Joongki. Gumagamit siya ng baso upang hindi masayang ang tubig gaya ng paalala ng kanyang ina.



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2020.

Bago matapos ang buwan, magpupunta rin siya sa klinika upang patingnan muli ang kanyang mga ngipin.



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2020.

Makalipas ang ilang taon, naging isang matagumpay na dentista si Joongki.



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means -
electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2020.

Naging adbokasiya niya ang tamang pangangalaga sa ngipin.



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2020.

Nagbibigay din siya ng libreng konsulta sa mga bata.



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2020.

Ipinaliwanag rin ni Joongki sa mga batang pasyente na huwag matakot sa mga dentista. Pinaalalahanan din niya ang mga bata na huwag lalabis sa pagkain ng tsokolate at kendi.



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2020.

Iyan ang istorya ni Joongki. Ang batang sungki. Kaya ugaliing magsepilyo upang hindi rin mabungi!



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2020.



**Gintong Aral**

Ugaliing magsepilyo ng ngipin tuwing pagkatapos kumain upang maiwasan ang pagkasira nito at magpasuri ng ngipin sa dentista dalawang beses isang taon.

All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2020.

## Ang May Akda



Si Karen May Martin Costales, ay ipinanganak noong ika-14 ng Nobyembre, 1980 sa lungsod ng Santiago lalawigan ng Isabela. Nakatapos ng kurso na Bachelor in Elementary Education, Major in General Science, sa Northeastern College taong 2001. Siya ay kasalukuyang nagtuturo sa Mababang Paaralan ng Cabulay, sa lalawigan ng Santiago City, Isabela, Rehiyon 02.